

# Balitang Manmin

BILANG 207 AGOSTO 5, 2018

## Umaapaw na Pag-ibig at Kapangyarihan ng Diyos sa Manmin



**"Buong tapang na ibinabahagi ng Manmin Central Church ang ebanghelyo sa tulong ng kapangyarihan ng Diyos!"**

Sa panahon ngayon, maraming iglesya ang nag-aalinlangan sa pagbabahagi ng ebanghelyo dahil sila ay nababahala. Pero, espesyal ang Manmin Central Church dahil ang mga miyembro nito ay may buong tapang na nangangaral sa buong mundo ng kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha at ng pangalan ni Jesu-Cristo. Dahil sa pangitain at espirituwal na pamumuno ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, naibabalita ang ebanghelyo sa buong mundo. Isa sa mga pangunahing istasyon ng telebisyon ang istasyon ng iglesya na GCN, miyembro ito ng National Religious Broadcasters. Ang mga programa nito ay mayroong mataas na kalidad at malikhain. Naging mabuting halimbawa ito sa ibang mga Cristianong istasyon ng telebisyon.

- Dr. Frank Wright, Dating Presidente ng NRB, USA



**"Pinupuri ko ang kapangyarihan ng Diyos na pumuksa sa Ebola!"**

Pinagpala ako dahil ilang beses akong binigyan ng mataas na posisyon sa trabaho kong paglilingkod sa publiko kahit hindi ako suportado ng kahit na anong ahensyang politikal. Nahirapan ako sa pangungutya at hindi pag-unawa ng ibang tao. Pero nang humiling ako ng panalangin mula sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, lahat ng problema ko ay nalutas. Noong panahong naninilbihan ako bilang gobernador ng Equateur State, laganap ang Ebola virus. Humiling ulit ako ng panalangin sa kanya, at muli siyang nanalangin. Magmula noong manalangin siya, wala ng ibinalitang bagong kaso. Pinupuri ko ang kapangyarihan ng Diyos na pumuksa sa Ebola.

- Elder Sebastien Impeto Pengo, Politiko, DR Congo



**"Biblia ang batayan ng iglesya, ito ang iglesyang pinakamabuti!"**

Sa pagbisita ko sa Manmin Central Church, napaspos ako ng Banal na Espiritu, mayroong init ang kaluluwa ko, hindi ko nadama ito sa mga iglesya sa Europa. Nagmamahalan ang mga miyembro ng iglesya at tapat sila sa pagsamba at mga ministeryo nito. Lahat ng bagay sa iglesya ay batay sa Biblia. Naniniwala ako na nangyari ang lahat ng ito dahil sa pagtuturo ni Dr. Jaerock Lee. Naantig ang damdamin ko sa mga narinig kong patotoo tungkol sa kapangyarihan ng Diyos at iba pang himala dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Naging masigasig ang pananampalataya ko dahil sa ministeryo ng WCDN, nagpanibago ang bisyon ko sa pagpapalaganap ng tungkol sa kapangyarihan ng Diyos bilang isang Cristianong doctor.

- Dr. Lyubka Tancheva, Neurobiologist, Bulgaria Science Academy



**"Kaming mga Knesset ng Israel ay nagpapasalamat sa inyo!"**

Totoong nakakamangha ang ipinakitang kapangyarihan ni Dr. Jaerock Lee sa krusada ng pagkakaisa sa Israel noong taong 2009. May ilang taong nagdusa sa matinding tagtuyot ang bansa namin. Hiniling ni Dr. Lee sa Diyos na wakasan ito at sinagot ng Diyos ang panalangin niya. Umulan ng malakas sa Jerusalem at iba pang lugar sa Israel pagkatapos ng panalangin niya. Noong una ko siyang makilala, miyembro ako ng konseho ng lunsod ng Jerusalem, pero ngayon, miyembro at Kinatawag Tagapagsalita ako ng Knesset (nagpapasa at nagsasagawa ng mga batas ng Israel). Taos-puso akong nagpapasalamat sa panalangin niya. Salamat sa pagmamahal at panalangin niya para sa Israel, nagsusulong na kami ng maayos at masaganang buhay. Sa ngalan ng Knesset, nagpapasalamat ako sa kanya.

- Mr. Yehiel Hilik Bar, Kinatawag Tagapagsalita ng Knesset, Israel



**"Itinuturo ng mga mensahe ang daan patungo sa Diyos at sa Panginoon!"**

Ipinangaral ko ang ebanghelyo ng kabanalan na itinuturo ni Dr. Jaerock Lee sa maraming lugar sa bansa ko at sa iba pang mga bansa. Marami na ang nakarinig ng mga sermon niya at alam na ang tungkol sa Manmin Central Church. Malinaw ang mensahe niya kung paano makakatagpo ang Diyos at ang Panginoon.

Noong Setyembre 2017, lumapit ang bagyong Irma sa lugar namin. Maraming residente sa Florida ang nagsilikas, maliban sa amin. Nanatili kami at hindi nangamba pagkatapos naming hilingin ang dalangin ni Dr. Lee. Nang manalangin siya, nagbago ang direksyon ng bagyong Irma at tuluyan na itong nalusaw. Naging ligtas kami.

- Dr. Mikhail Morgulis, Presidente ng Spiritual Diplomacy, USA



**"Ang iglesya ang pinlano ng Diyos para sa buong mundo bago dumating ang pagwawakas ng panahon!"**

Kamangha-mangha at kahanga-hanga ang Manmin Central Church. Mapagpakumbaba at mapagmahal si Dr. Jaerock Lee kahit isa siyang pastor na nakapagpakita ng kapangyarihan ng Diyos para palawakin ang kaharian nito. Espirituwal at makapangyarihan ang Manmin sa lahat ng aspeto. Bukod dito, ipinapakita ng iglesya ang mga tanda, himala, at kapangyarihan na kailangang maranasan sa panahong ito. Naniniwala ako na ang iglesyang ito ay itinatag ayon sa nakakamangha at maluwalhating plano ng Diyos sa panahong malapit ng magwawas.

- Pastor Francisco Lorite Exposito, Maranatha Revival Church, Spain

# Kapangyarihang Muling Paglikha

“At sinabi ng Diyos, ‘Magkaroon ng liwanag;’ at nagkaroon ng liwanag” (Genesis 1:3).



**Dr. Jaerock Lee**

Punong Pastor ng Manmin Central Church

- Tagapangulo, The United Holiness Church of Jesus Christ
- Permanenteng Presidente, The World Christianity Revival Mission Association
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Global Christian Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, World Christian Doctors Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Manmin International Seminar
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, The Alliance Holiness Theological Seminary
- Doctorate ng Ministry, at Honorary Doctorate sa Divinity
- Naibroadcast ang mga sermon niya ng Far East Broadcasting Company at ng Asia Broadcast Station
- Ang mga artikulong sinusulat niya ay inilalathala ng The Chosun Ilbo, The JoongAng Daily, The Dong-A Ilbo, The Hankook Ilbo, The Seoul Shinmun, The Hankyoreh Shinmun, The Kyunghyang Shinmun, The Korea Economic Daily, The Shisa News, The Christian Press
- Nagdaos siya ng mga krusada sa Estados Unidos: New York City, Washington D.C., Baltimore, Maryland, Los Angeles, Hawaii; sa Japan; India; Pakistan; Pilipinas; Argentina; Honduras; Peru; Russia; Germany; Kenya; Tanzania; Uganda; The Democratic Republic of Congo; Jerusalem, Israel; at Estonia

Habang nililikha ng Diyos ang mundo, sinabi Niya, ‘Magkaroon ng liwanag;’ at nagkaroon nga ng liwanag. Ginamit lang Niya ang boses Niya, ang orihinal na tinig. Ang kapangyarihan ng muling paglikha ay mismong ang orihinal na tinig ng Diyos.

Kung malayang gagamitin ng isang tao ang orihinal na tinig sa paraang itinakda ng Diyos, at kung mayroong malinis na hangarin ang puso niya, mangyayari ito. Pag-aralan natin ang ‘kapangyarihang muling paglikha.’

## 1. Ano ang ‘kapangyarihang muling paglikha’?

Ang kapangyarihang muling paglikha ay hindi paglikha ng isang bagay na nagmumula sa wala. Ito ay kapangyarihang baguhin ang isang bagay na mayroon na. Sa madaling salita, hindi ito paglikha ng isang bulaklak, kundi ito ay muling pananariwa ng isang bulaklak na nalanta na. Kapag nasira o nawasak ang magandang bagay na nilikha ng Diyos, sa kapangyarihang ito, maibabalik ang kagandahan nito. Kahit ang mga patay ay muling nabubuhay. Ito ay kapangyarihang nakapagpapabago ng mundo, kalangitan, at lahat ng bagay na narito.

Ano ang pangunahing bagay na ginagamitan ng ‘kapangyarihang muling paglikha’? Ito ay ang mga ‘tao.’ Nilalang ang mga tao sa wangis ng Diyos (Genesis 1:27). Nang magkasala si Adan, nawala ang wangis ng Diyos. Mabuti na lang, kapag tinanggap nila si Jesu-Cristo at ang Banal na Espiritu, muling nabubuhay ang espiritu nilang namatay. Sa panahong malapit ng magwakas, laganap na ang kasamaan at kasalanan, mahirap na para sa mga taong magkaroon ng sapat na pananampalataya para maligtas. Laganap sa mundo ang kasamaan at kawalan ng batas, kabilang na dito at apektado rin ang mga Cristiano.

Sa panahong ito, hindi susukuan o iiwan ng Diyos ang mga taong masasama. Nais Niyang pagalingin at linisin ang sugatang puso nila. Nais Niyang ipakita ang kapangyarihang muling paglikha para maibalik ang nawalang wangis ng Diyos. Nais Niyang bigyan ng isa pang pagkakataon ang mga taong mahirap iligtas. Ito ang orihinal na pag-ibig ng Diyos.

Nagmula sa orihinal na pag-ibig ng Diyos ang kapangyarihang muling paglikha. Para magkaroon ng kapangyarihang ito, dapat magkaroon ang isang tao ng pag-ibig na tulad ng orihinal na pag-ibig ng Diyos. Para mailigtas ang isang kaluluwang mahirap iligtas sa pamamagitan ng katarungan, dapat magbayad ng kaukulang halaga.

Ayon sa katarungan, ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan (Mga Taga-Roma 6:23). Para mailigtas ang kaluluwang ito mula sa kamatayan, dapat may magsakripisyo at magbayad ang halaga ng katarungan. Si Jesus ay ipinako sa krus na kahoy para tanggapin ang sumpa ng kautusan para sa atin. Para tubusin ang mga makasalanan, pinadanak ni Jesus ang mahalagang dugo Niya. Dahil dito, nagkaroon ng bagong katarungan: ‘Sinumang magtiwala kay Jesu-Cristo ay patatawarin mula sa kasalanan, magiging anak siya ng Diyos.’

Dapat gawin ang tamang sakripisyo para makamit ang katarungan na makapagliligtas ng mga kaluluwang mahirap iligtas. Magkakaroon sila ng pagkakataong maligtas ayon sa batas ng katarungan. Marami sa mga Cristiano at ibang tao sa mundo ang nasa ganitong kalagayan. Ang katarungan na makapagliligtas kahit ng masamang henerasyong ito at ang katarungan na magbabago ng mga puso nila para lumuhod sila sa harapan ng Diyos ay magiging ganap.

Magiging posible ang lahat ng ito dahil sa kapangyarihang muling paglikha. Kapag naipakita ang kapangyarihang ito, ang mga taong totoong nagtitiwala sa Diyos ngunit natatakot sa Kanya ay madadama ang pag-ibig Niya, lalambot ang mga puso nila, kusa silang magtitiwala sa Kanya.

## 2. Ang kapangyarihang muling paglikha na babago sa pusong kasintigas ng bato

Sinasabi ng Ezekiel 36:26-27, “Bibigyan Ko kayo ng bagong puso, at lalagyan Ko kayo ng bagong espiritu sa loob ninyo. Aking aalisin ang batong puso sa inyong laman, at Aking bibigyan kayo ng pusong laman. Aking ilalagay ang Aking espiritu sa loob ninyo, at palalakaran Ko kayo nang ayon sa Aking mga tuntunin, at magiging maingat kayo sa pagsunod sa Aking mga batas.”

Ito ay propesiya tungkol sa pagbawi ng Israel. Ito rin ay propesiya tungkol sa kapangyarihan ng muling paglikha sa darating na pagwawakas ng panahon. Sinasabi dito na kahit ang mga pusong pinatigas ng kasamaan ay pwedeng mabago ng kapangyarihang ito. Tinawag na ‘pusong laman’ ang pusong binago. Kapag binago ang puso ng tao, susunod sila sa salita ng Diyos.

Sa ika 37 kabanata ng Ezekiel, mayroong pangitaing nakasulat doon tungkol sa natuyong mga buto na binuhay at naging isang hukbo. Nakita ni Ezekiel ang napakaraming natuyong buto sa ibabaw ng lambak; Pinagpropesiya ng Diyos si Ezekiel sa mga butong ito, biglang nagkaroon ng ingay, mga lagutukan habang muling nabuo ang mga buto. Nagkaroon ito ng mga litid, laman, na binalot ng balat.

At inutusan ng Diyos si Ezekiel na magpropesiya sa hininga. Dumating ang hininga mula sa apat na hangin at hiningahan ang mga patay. Nabuhay ang mga ito at nagsitayo, naging isang dakilang hukbo. Makikita dito ang kapangyarihang muling paglikha.

Ang mga ‘natuyong buto’ dito ay tumutukoy sa mga bagay na hindi na pwedeng maibalik o baguhin. Maraming tao ang tulad ng mga tuyong butong ito. Napakaraming kaluluwa ang hindi pwedeng magbago. Tumanda, naging masama, nasayang, at nawala na sa tamang kalagayan ang mga puso nila. Ang mga kaluluwang nasa ganitong kalagayan ay pwedeng bawiin, sariwain, linisin, at baguhin ng kapangyarihang muling paglikha.

Nais ng Diyos na mapagmahal na makita at maniwala sa Kanya at sa Biblia ang mga taong nabubuhay sa henerasyong puno ng kasalanan sa pamamagitan ng pagpapakita ng kapangyarihang muling paglikha. At sa pamamagitan nito, sila ay maligtas. Ito ang kalooban Niya bago magwakas ang panahon.

## 3. Ang kapangyarihang muling paglikha na babago sa makasalang henerasyon

### 1) Mga lumalaban sa mga lingkod ng Diyos tulad nila Kora at ng mga kababayan niya.

Sa kabanata 16 ng Mga Bilang, mayroong isang tagpo kung saan humarap sina Kora, Datan, at ang iba pa kay Moises. Si Kora ay nagmula sa angkan ni Levi, tungkulin niyang maglingkod sa templo. Pero hinangad niyang maging pari. Lumaban si Datan, Abiram, at ang kanilang mga tagasunod kay Moises. Pinagbintangan nila si Moises na pinahirapan sila sa disyerto.

Sa mata ng Diyos, napakasama ng ginawa nila. Bumuka ang lupa at nilamon sila, pati ang buong sambayanan nila, lahat ng tauhan ni Kora pati na ang kanilang mga ari-arian. Kaya lahat sila at lahat ng kabuhayan nila ay nahulog ng buhay sa Sheol; sumara ang lupa at sila ay nalipol (Mga Bilang 16:32-33). Makikita natin dito kung gaano sila kasama sa mata ng Diyos.

Ang kasalananang ‘lumalaban sa Diyos’ na nakasulat sa Lumang Tipan ay mababasa din sa Bagong Tipan. Ito ay ‘paggamit ng pangalan ng Diyos, paglaban, at paglapastangan sa Banal na Espiritu.’ Sinabi ng Diyos sa Marcos 3:29, “Ngunit sinumang magsalita ng paglapastangan laban sa Espiritu Santo ay walang kapatawaran magpakailanman, kundi nagkakasala ng isang kasalananang walang hanggan.”

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang

hanggang Langit.

5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles’ Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito. “Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)
- “Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

## Balitag Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389  
 Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048  
 Website: <http://www.manmin.org/english>  
[www.manminnews.com](http://www.manminnews.com)  
 Email: [manminen@manmin.kr](mailto:manminen@manmin.kr)  
 Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Tagalog

Pero ngayon, maraming lumalapastangan, lumalaban, at naninira sa Banal na Espiritu kahit sa mga nagsasabing nananampalataya sila sa Diyos. May mga taong hindi naniniwala at bulag sa kasamaan nila kahit may mga ebidensiya na totoong mayroong Diyos. Mas gusto nilang humusga at humatol sa mga lingkod ng Diyos sa pamamagitan ng masasamang salita, at sirain ang puri nila. Parang siniraan na rin nila ang Diyos, hindi ito mapapatawad.

Hinahangad pa rin ng Diyos na makapagsisi at magkaroon ng isa pang pagkakataong maligtas ang mga ganitong klaseng tao. Kaya pinayagan ng Diyos ang kapangyarihang muling paglikha.

**2) Mga nanlilinlang sa Banal na Espiritu at nagtataksil sa Panginoon tulad nina Ananias, Safira, at Judas Iscariote.**

Sa pagsunod niya kay Jesus, hinangad ni Judas Iscariote ang sariling pakinabang at karamutan. Gusto niyang pakinabangan ang pagsama niya kay Jesus kapag ipinakita na nito ang kapangyarihan sa mundo. Siya ang nangalaga ng mga kaloob na pera na inihuhulog sa isang kahon. Kumukupit siya sa perang inihulog dito.

Pero iba ang direksyong tinahak ni Jesus, hindi ito ang inasahan ni Judas Iscariote. Sa bandang huli, ipinagbili niya si Jesus sa halagang 30 pirasong baryang pilak. Sa Ang Mga Gawa 1:18, mababasa ang tungkol sa pagkamatay niya, “Bumili nga ang taong ito ng isang bukid mula sa kabayaran ng kanyang kasamaan; at nang bumagsak ng patiwari ay pumutok ang kanyang tiyan, at sumambulat ang lahat ng kanyang mga laman-loob.” Nakakatakot ang resulta ng pagtataksil sa Panginoon dahil sa kasakiman!

Sa Ang Mga Gawa kabanata 5, mababasa na naranasan ni Ananias at Safira ang maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu at ang pagpapala noong panahon ng unang iglesya. Sinabi nila na ipagbibili ang ari-arian nila at ikakaloob ang lahat ng makukuha mula dito.

Pero nang makuha nila ang pera, nagtabi sila para sa kanilang sarili. Pero, kumilos ang Banal na Espiritu, pinagsabihan ni apostol Pedro sina Ananias at Safira, agad silang namatay.

Kapag may isang taong nandaya sa Banal na Espiritu kahit pinagpapala siya, malaking kasalanan ito. Dahil ipinapakita ni Apostol Pedro ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ang pandaraya sa kanya ay pandaraya din sa Banal na Espiritu.

Kung mangangako kayo sa Panginoong Diyos pero hindi ninyo tutuparin, dinadaya ninyo Siya. Kaya huwag kayong padalus-dalos sa mga pangako ninyo sa Diyos, hindi ito makapagliligtas sa inyo. Kung sapat ang pananampalataya ninyo na kaya ninyong tuparin ang ipinangako ninyo, magiging malaking biyaya ito para sa inyo.

Sa totoo lang, maraming Cristiano ngayon ang mas masahol pa kina Ananias at Safira o Judas Iscariote. Pero hindi tinatalikuran ng Diyos ang mga taong tulad nito. Nagpapakita Siya ng pagmamahal sa mga ito sa pamamagitan ng kapangyarihang muling paglikha at nais Niyang kumapit ang mga ito sa pagkakataong makapagsisi at maligtas.

**3) Mga lumalaban sa Banal na Espiritu dahil sa kanilang sariling karunungan at kaalaman tulad ng mga Fariseo at eskriba.**

Ang mga Fariseo at eskriba noong panahon ni Jesus ay may malawak na kaalaman tungkol sa mga kautusan ng Lumang Tipan, pero hindi nila naiintindihan ang totoong kalooban ng Diyos na Siyang nagbigay ng utos.

Sa Juan 5:39, sinabi ni Jesus, “Sinasaliksik ninyo ang mga kasulatan sapagkat iniisip ninyo na sa mga iyon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at iyon ang nagpapatotoo tungkol sa Akin.” Kung pinag-aralan ng mga Fariseo at eskriba ang Biblia sa tulong ng Banal na Espiritu, nalaman sana nila na si Jesus ang Mesiyas na maraming beses na naipropesiya sa Lumang Tipan.

Pero nagbabasa ng Biblia ang karamihan sa kanila

na hindi bukas ang isipan, ginagamit pa rin nila ang sariling kaalaman. Hindi nila nakilala si Jesus na kaharap nila bilang Salita na naging laman. Mga bulag at mangmang sila. Sila ang nanguna sa pagpapapako sa krus kay Jesus.

May mga ganitong klaseng Cristiano sa panahon natin ngayon. Sinasabi nila, “Matagal kong pinag-aralan ang Teolohiya;” o kaya, “May Ph. D ako sa Teolohiya, mas marami akong nalalaman tungkol sa Biblia kaysa sa ibang tao.” Ipinagmamalaki nila ang sarili, pero kaunti lang sa kanila ang tumatanggap ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Nagmamataas sila dahil sa kaalaman nila at nagkakasala sila dahil nanghahatol at nanghuhusga sila. Nais ng Diyos na wasakin ang pagmamatigas nila tungkol sa sariling kaalaman sa pamamagitan ng kapangyarihang muling paglikha. Nais Niyang tumanggap sila ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu at magkaroon ng pagkakataong maligtas.

Dapat ipaliwanag ng isang tao ang Biblia sa tulong ng Banal na Espiritu, para mangyari ito, pagsikapan dapat niya na makapasok sa espirituwal na kaharian sa pamamagitan ng maraming beses na pag-aayuno at pananalangin. Ang pinakamahalagang bagay na dapat gawin ay makipag-usap sa Diyos, alamin ang laman ng puso Niya, at maintidihan ang kalooban Niya. Pero karamihan sa mga nagyayabang na maraming alam tungkol sa Biblia ay hindi nagsisikap makapasok sa espirituwal na kaharian. Dahil kumilos ako para sa kanila, mawawasak nila ang sariling kaalaman at pagkaintindi, tatanggapin nila ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, totoong tayo ang mga mangunguna sa tungkuling maghatid ng mga tao sa mundo patungo sa kaligtasan. Pag-ibig ang bumubuhay at nagpapabago ng mga tao. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maging mga apostol kayo ng pag-ibig at tuparin ang kalooban ng Diyos para sa pagwawakas ng panahon.

**Hindi ako pwedeng magbuntis pero dahil sa biyaya ng Diyos, nagkaanak ako!**



Walang anak sina Kapatid Promod, taga-New Delhi, India, dahil barado ang fallopian tubes ng asawa niya. Pero pagkatapos idalangin ni Dr. Jaerock Lee, gumaling ito at nagkaroon sila ng anak na babae. Napakahina ng Punong Diakonesa Yunyoung Choi, taga-Yamagata, Japan, hindi niya kayang magbuntis at magkaanak, pero dahil idinalangin siya ni Dr. Lee nagkaroon siya ng dalawang anak na lalaki at isang anak na babae. Nagkaroon ng anak si Diakonesa Kyunhye Jang pagkaraan ng 12 taong pag-aasawa dahil sa tulong ng panalangin, naisama niya sa iglesya ang mga magulang ng asawa niya dahil dito. Nanganak ng malusog na sanggol na lalaki si Diakonesa Pawari Ingkong, taga-Chiang Mai, Thailand, pagkaraan ng apat na taong pag-aasawa (litrato 1-4).

**Isang sanggol na babae, naging lalaki, at isang sanggol na lalaki, naging babae!**



Tinanggap ni Kapatid Eucharía Izundu na nasa New Jersey, USA, ang panalangin ni Dr. Lee para sa kapatid niyang lalaki. Ang kapatid niya at ang asawa nito ay naghahangad ng anak na lalaki. Sinabi sa ospital na babae ang magiging anak nila, nasa ika-9 na buwan na ang ipinagbubuntis ng asawa nito. Pagkatapos idalangin ni Dr. Lee ang hinahangad nila, lalaki nga ang naging anak nila. Gusto ring magkaroon ng lalaking anak si Punong Diakonesa Eunsuk Kim, sinabi sa kanya na babae ang magiging anak niya. Tinanggap niya ang panalangin, lalaki ang naging anak niya. Babaing anak ang hinahangad nina Diakonesa Miyoung Chae, taga-Seoul, nasa ika-5 buwan ng pagbubuntis, at Sophie Atieng, taga-Nairobi, Kenya, ika-9 na buwan ang pagbubuntis. Tinanggap nila ang panalangin, babae ang naging anak nila (litrato 1-4).

**Malaki ang posibilidad na maging abnormal ang sanggol ko, dahil sa panalangin, malusog ito nang ipanganak!**



May 23 tatlong pares ng chromosomes ang normal na tao, pero ang taong abnormal (Down syndrome) ay mayroong 21 lamang. Para maging normal sila, ang mga chromosomes sa bilyong mga selula ay dapat maging buo. May posibilidad na maging abnormal ang sanggol na ipinagbubuntis ni Diakonesa Minkyung Lee, at may iba pang diperensya ito na nakita sa pagsusuri. Pero

pagkatapos niyang tumanggap ng panalangin, naging normal ito. Sinabi kina Pastor Suhee Yim, 4 na buwang buntis, Diakonesa Sungjin Yun, 5 buwang buntis, at Punong Diakonesa Hyesuk Kim, 16 linggong buntis, na malaki ang posibilidad na magiging abnormal ang mga sanggol nila ayon sa pagsusuri. Pero malulusog ang mga sanggol na ipinanganak nila dahil sa panalangin ni Dr. Lee (litrato 1-4).

## “Hindi ako iniwan ng Diyos kahit hindi man lang ako dumalo sa iglesya sa loob ng 23 taon!”

Kapatid Deokhee Yeon, 50 taong gulang, Parokya 14, Manmin Central Church



Noong 1996, isinasama ako sa Manmin Central Church ng asawa ko, pero sabi ko sa kanya, marami akong dapat gawin, hindi ako sumama. Nagsimulang dumalo sa iglesya ang asawa kong si Diakonesa Sunyoung Lee dahil sa malalang hika ng anak kong si Kyujin. Sinabi sa amin na hindi ito lubos na gagaling kahit gamutin. Hirap siya sa paghinga, parang tumakbo ng malayo. Noong nasa ika-4 na baitang siya, lubos siyang gumaling pagkatapos niyang tanggapin ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Pagpapala ito ng Diyos. Malaki at malusog na lalaki na siya ngayon, nag-aaral siya ng Taekwondo sa kolehiyo.

Malayo sa bahay ko ang pinagtatrabahuhan ko kaya tuwing Sabado at Linggo lang ako umuwi. Kapag nasa bahay ako, gusto ko lang magpahinga. Gusto kong maintindihan ng asawa ko ang nararamdaman ko, asikasuhin sana niya ako. Dahil dito, madalas kaming mag-away tungkol sa mga bagay na walang kabuluhan. Isang araw, nagsimula ang asawa kong magsilbi sa akin sa paraang hinahangad ko. Sa totoo lang, medyo sumama ang loob ko dahil masaya siya sa paglilingkod sa iglesya at hindi ako inaasikaso. Pero nagbago siya, pinaglingkuran niya ako. Nang makita ko ang pagbabago niya, naawa ako sa kanya.

Noong Agosto 2016, gumaling ang

pangalawang anak kong lalaki mula sa diperensya sa mga mata (congenital paralytic strabismus) sa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Nakakamangha! Mula pa noong bata siya, hindi niya nakikita ang mga bagay kung hindi siya lilingon sa kaliwa o kanan. Sinabi ng doctor na delikado ang operasyon, hindi rin sigurado kung gagaling siya. Pero gumaling siya sa pamamagitan ng panalangin ni Dr. Lee.

Naranasan ng dalawang anak ko ang mga paggaling sa tulong ng Punong Pastor, lumaki silang maayos. Inasikaso akong mabuti ng asawa ko. Pinagpala ang pamilya ko, pero hindi ko gaanong pinahalagahan ang mga biyaya at pagmamahal. Totoong nagpasalamat ako pero pagkatapos, balewala na.

Noong taong 2017, nagkaroon ako ng hindi inaasahang problema habang tinutulungan ko ang isang tao. Idinalangin ako ng asawa ko. Nang nalutas ko ang ilang problema, iminungkahi niyang magdaos kami ng pagsamba sa lugar ng negosyo. Wala akong nagawa kundi umasa sa tulong ng Diyos para lutasin ang mga problema na hindi ko kayang harapin.

Noong Pebrero 24, 2018, hapang isinasagawa namin ang pagsamba sa lugar ng trabaho ko, parang nararamdaman kong batid ng Diyos ang nilalaman ng puso ko,

pinapayapa Niya ang kalooban ko. Noong Mrso 4, dumalo ako ng pagsamba sa iglesya. Hindi ko alam kung bakit hindi ko napigilang umiyak. Nadama ko na hindi ako nakalimutan ng Panginoon at batid Niya ang kalagayan ko kahit 23 taon akong hindi aktibo sa pagiging Cristiano ko.

Nagsimulang magpanibago ang puso ko dahil sa mga mensahe ng Punong Pastor. Namangha ako sa malalim na paliwanag ng mga sermon niya tulad ng “The Message of the Cross,” “The Measure of Faith,” at “Heaven.” Habang nasa iglesya, nararamdaman kong natatanggal ng isa-isa ang mga pasanin ng puso ko. Humanga ako sa Punong Pastor na yumayakap at gumagabay sa mga miyembro.

Huminto ako sa pag-inom ng alak at nagsimulang dumalo sa Pagsamba sa Araw ng Linggo, Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, sat a mga pagsamba tuwing Miyerkules kapag may oras ako. Nagsimula na rin akong manalangin. Nagpapasalamat ako sa Diyos at sa Panginoon sa matiyagang paghihintay sa akin na nabuhay sa kamunduhan.

Nagpapasalamat din ako ng taos-puso sa mapagmahal kong Punong Pastor na nagpakita ng pagmamahal ayon sa kapangyarihan niya at iningatan ako sa puso niya.

## “Bingi ang kaliwang tainga ko, pero nakarinig ito, malabo ang mga mata ko, pero naging malinaw ang paningin ko!”

Diakonesa Okhwa Kwon, 79 taong gulang, Parokya 4, Manmin Central Church

Nagkaroon ako ng napakataas na lagnat noong 8 taong gulang pa lang ako, nabingi ang kaliwang tainga ko. Dahil dito, kakaunti lang ang kaibigan ko, madalas nag-iisa ako at umiyak. Hindi ako nakapag-aral sa paaralan, nag-alaga ako ng mga kapatid ko. Noong 19 taong gulang ako, nag-asawa na ako, lumipat kami sa lunsod ng Daegu.

Hindi ko maintindihan ang salita nila sa Daegu, mayroon silang sariling wika. May mga nagsabing tanga ako, lalo akong nalungkot. Pero ipinakita ng Diyos ang pag-ibig Niya sa taong mahirap at malungkot na tulad ko.

Noong Mayo 1, 2016, isinama ako sa Manmin Central Church. Nang makarating ako sa santuwaryo, parang nasa halamanan ako na puno ng bulaklak.

Maliwanag sa santuwaryo, at maaliwalas at masaya ang mukha ng mga miyembro ng iglesya. Sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga, tumayo sa pulpito ang Punong Pastor para ibahagi ang sermon. Lumakas, naging payapa ang kalooban at espirituwal ang damdamin ko dahil sa kanya.

Sinabi niya sa sermon na kung totoong naniniwala tayo sa Diyos, hindi tayo magkakasala o magsisinungaling, makapasok tayo sa langit. Nakamit ko ang kapayapaan at kapahingahan sa mga mensahe niya na hindi ko pa naranasan dati sa buhay ko. Nagsimula akong makisabay sa panalangin sa pulong panalangin Daniel sa GCN, nagpasalamat ako dahil nakarating ako sa maganda at mabuting iglesyang ito.

Nang magsimula ang taong 2018, nalungkot ako nang maisip ko ang Punong Pastor na nawalan na ng lakas ng katawan, hindi na siya nakaririnig at nakakikitang mabuti, dahil

ibinigay niya ang buong lakas niya sa paghahatid ng mga kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan. Idinalangin ko siya sa Diyos, hiniling ko na bumalik ang paningin at pandinig niya.

Samantala, noong ika-25 ng Marso, nakaranas ako ng kamangha-manghang bagay. Habang nasa pagsamba, narinig ko ng mas maliwanag ang boses ng Punong Pastor kahit mahina ang boses niya. Hindi nakaririnig ang kaliwang tainga ko dati, kaya kanang tainga ang ginagamit ko. Pero iba ang araw na ito. Malinaw kong narinig ang pag-uusap ng ibang tao, at ang mga sermon sa pagsamba. Wala na akong problema sa pandinig! Pinagdusahan ko ito buong buhay ko, pero pinagaling ito ng Diyos na maawain kahit hindi ko hiniling.

Bukod dito, Malabo ang mga mata ko, kinakailangan ko ng karagdagang grado ng salamin sa mata bukod sa ginagamit ko na. Kahit nakasalamin, hindi ko pa rin mabasa ang maliliit na letra. Pero ngayon, nakakasa na ako.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagbigay sa akin ng tunay na kaligayahan at nagbalik ng pandinig at paningin ko kahit malapit na akong umabot sa 80 taong gulang.



### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

#### Manila Manmin Holiness Church

168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas  
Pastor Jaebhong Uhm  
0977-329-4789

#### Bataan Manmin Holiness Church

067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas  
Pastor Jaebhong Uhm  
2-735-1423

#### Isabela Manmin Holiness Church

Purok 3, Brgy. San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas  
Pastor Jaebhong Uhm  
0977-329-4789

#### Cavite Manmin Holiness Church

5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen. Trias, Cavite, Pilipinas  
Pastor Sharon Cho  
046-850-3193 /  
0916-674-3903 /  
0905-319-8191

#### Imus Manmin Holiness Church

Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas  
Pastor Jubeom Kim  
0927-311-7633

#### Cebu Manmin Holiness Church

LOT N. 402 - B-4  
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas  
Pastor Rossetta Sung  
0921-635-7595

#### Davao Manmin Holiness Church

301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas  
Pastor Kathryn Kim  
0908-635-2714